Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 19,2016 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | Konsehal |
| Kgg. Dennes M. Faner | - | -do- |
| Kgg. German S. Acosta | - | -do- |
| Kgg. Edezer F. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | -do- |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | -do- |
| Kgg. Tulay M. Caring | - | IPs Representative |

**HINDI NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Enrico C. Villas | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy.(O.B.) |

x-----------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 16-08-087

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA PAGYAO NI G. JOLITO MANSALAY, DATING KAGAWAD NG BARANGAY BALATASAN**

"**SAPAGKAT,** si G. Jolito Mansalay, dating Kagawad ng Barangay Balatsan ay sumakabilang buhay noong Agosto 10,2016 sa edad na animnapu't siyam (69) na taon;

"**SAPAGKAT,** si Kagawad Mansalay ay naglingkod sa Barangay Balatasan bilang Kagawad sa loob ng labinlimang (15) taon na kung saan sinikap niyang makapagpasa ng batas para sa kapayapaan at kaligtasan ng mamamayan at naging masigasig na maisakatuparan ang mga programa at proyekto na nagdulot ng kagalingan at kaunlaran sa kanyang mga kababayan;

"**SAPAGKAT,** si Kagawad Mansalay ay isang mapagmahal na asawa at ulirang ama sa kanyang anim (6) na mga anak, na sa kanyang simpleng pamamaraan at patuloy na pagsisikap ay naitaguyod niya ng maayos ang kayang pamilya, isang pamilyang buo at nagkakaisa tungo sa isang pangarap;

"**SAPAGKAT,** ang kanyang pagpanaw ay nagdulot ng masidhing pighati at kalungkutan sa kanyang pamilya, mga kamag-anak at kaibigan subalit, kaligayahan na ring isipin na siya ay kupkop na ng Mapagpalang Kamay ng Diyos na Siyang lumikha ng lahat,; **KUNG KAYA'T DAHIL DITO;**

Scanned with CamScanner

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa pagyao ni G. Jolito Mansalay, dating Kagawad ng Barangay Balatasan;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Dennes M. Faner na pinangalawahan nina Konsehal Dexter R. Gonzales at Konsehal Teresita S. Bantugan, ang kapasyahang ito ay . . .

**PINAGTIBAY": Agosto 19, 2016, Bulalacao, Oriental Mindoro.**

---

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Konsehal

**KGG. DENNES M. FANER**
Konsehal

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Konsehal

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Konsehal

**KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.**
Konsehal

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Konsehal

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Konsehal

**KGG. TERESITA S. BANTUGAN**
Konsehal

**KGG. TULAY M. CARING**
IPs Representative

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa: 08-31-2016

Scanned with CamScanner